


Contribution ID: **3** Type: **Paper Session**

# INTELEKTUWAL NA TALAMBUHAY NI DR. MANUEL VIOLA GALLEGO: MUHON SA INSTITUSYUNALISASYON SA TAGALOG BILANG WIKANG PAMBANSA

ABSTRAK
Nilalayon ng papel na ito na pag-aralan ang buhay at mga gawa ni Dr. Manuel Viola Gallego (1893-1976), isang Pilipinong diplomat, sa pamamagitan ng isang intelektuwal na talambuhay. Partikular nitong sinisiyasat ang kaniyang mga ideya na pangunahing nakasulat sa The Language Problem of the Filipinos (1932) at ang naging epekto ng kanyang malawak na pakikipag-ugnayan sa loob at labas ng bansa. Pangunahing ginamit ang mga primaryang batis na nasusulat, katulad ng mga aklat, mga lumang larawan, at mga artikulo sa diyaryo, at di-nasusulat, katulad ng personal na pakikipanayam sa kanyang apo na si Dr. Joseph L. Gallego. Ginabayan naman ng metodong biograpikal, partikular ng anyong iskolarli-historikal, at balangkas ng intelektuwal na talambuhay ang pagsusuri ng papel. Tatlong pangunahing tema ng mga ideya ni Sibayan ang lumitaw: (1) mga ugat ng suliraning pangwika, (2) ang kahalagahan ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE), (3) ang politikal na institusyunalisasyon bilang susi sa mataas na intelektuwalisasyong pangwika, at (4) mailatag ang kongkreto't intelektuwalisadong pundasyon ng kursong Gallegan Philosophy (SSC 111/ SSC 112). Sa dulo, binibigyang diin ang aktibong pakikilahok ni Gallego sa paglutas sa malalim na suliranin ng edukasyon sa pamamagitan ng pagtatayo ng Central Luzon Education Center (CLEC) na mas kilala ngayon bilang Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC). Mahigpit na inirerekomenda ng papel ang mas malalim pang pagsusuri sa mga ideya ni Gallego, lalo pa't walang naunang mga iskolar ang naglaan ng kanilang panahon na tukuyin kung sino ang mga taong nasa likod, maliban kina Manuel L. Quezon at Lope K. Santos, sa paghirang sa Tagalog bilang Pambansang Wika.
Mga Susing Salita: Wika; Politika; Pambansang Wika; MTB-MLE; Kolonyalismo

ABSTRACT
This paper aims to study the life and works of Dr. Manuel Viola Gallego (1893-1976), a Filipino diplomat, through an intellectual biography. It specifically examines his ideas primarily written in "The Language Problem of the Filipinos" (1932) and the impact of his extensive interactions both within and outside the country. The research mainly utilized primary sources, such as books, old photographs, and newspaper articles, as well as non-written sources, such as a personal interview with his grandson, Dr. Joseph L. Gallego. The analysis of the paper was guided by the biographical method, particularly the scholarly-historical form, and the framework of intellectual biography. Three main themes of Gallego's ideas emerged: (1) the roots of the language problem, (2) the importance of Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE), (3) political institutionalization as the key to high-level linguistic intellectualization, and (4) lay down the concrete and intellectualized foundation of the institutional course Gallegan Philosophy (SSC 111/ SSC 112). In conclusion, the paper emphasizes Gallego's active participation in solving the deep-seated education problem through the establishment of the Central Luzon Education Center (CLEC), now known as Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC). The paper strongly recommends a deeper examination of Gallego's ideas, especially since previous scholars have not devoted time to identifying the individuals behind, apart from Manuel L. Quezon and Lope K. Santos, the designation of Tagalog as the National Language.

Key Words: Language; Politics; National Language, MTB-MLE; Colonialism

**Primary author:** ABIVA, RB

**Track Classification:** Thrusts: Educational Policy Research